Republic of the Philippines
Department of Education
Region X
DIVISION OF TANGUB CITY
AnecitoSiete St., Tangub City
Telefax: (088) 395-3372
Email: deped10_tangub@yahoo.com.ph

DEPARTMENT OF TANGUB CITY
RELEASED BY:
DATE: 7-27-17

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 151 S. 2017

Para Sa:

Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Asignaturang Filipino
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Mga Guro ng Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Tangub

Buhat Kay: **VICTORIA V. GAZO, Ph. D., CESO V**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Petsa: Hulyo 27, 2017

---

1. Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika – 1 hanggang ika – 31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **Filipino: Wikang Mapagbago.**

2. Ang mga layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribadon na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka – Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagplano ng programa.

5. Hinihiling ang bawat paaralan na bigyan ng isang makabuluhang pagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa at gawing kapakipakinabang ang mga gawaing ito upang mahihikayat ang mga mag – aaral na mapayabong pa ang Pambansang Pagkakakinlanlan.

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

VVG/rpd/07-27-17